



Praktikong Gabay Para sa Pagtratrabaho ng mga Kasambahay

*Ano ang Kailangang malaman ng mga Dayuhang
Kasambahay at nang Kanilang mga Amo*

*Practical Guide For Employment of Foreign Domestic Helpers
What foreign domestic helpers and their employers should know*



Tagalog version 菲律賓文版本

Talaan ng Nilalaman

Pambungad		1
Kabanata 1	Sa Unang Pagtrabaho	2
Kabanata 2	Pag-sauli ng nagasta sa mga dokumentasyon	7
Kabanata 3	Pagbabayad at Pag-aawas sa Suweldo	9
Kabanata 4	Araw ng Pamamahinga, Pista Opisyal at Bakasyon	12
Kabanata 5	Pagpapagamot at Kabayaran sa Pagkakasakit	17
Kabanata 6	Proteksiyon sa Panganganak	19
Kabanata 7	Paternity Leave	21
Kabanata 8	Pagtatapos sa Kontratang Pagtrabaho	23
Kabanata 9	Kabayaran kapag Naputol ang Trabaho at Kabayaran Pagkatapos ng Paninilbihan ng Mahabang Panahon	27
Kabanata 10	Proteksiyon sa Pagtatrabaho	29
Kabanata 11	Libreng Pabalik na Pamasaha at Panggastos sa Pagkain at Paglalakbay	31
Kabanata 12	Katanungan at Karaingan	32
Apendiks I	Kontrata sa Paggawa (Para sa kasambahay na nakalap mula sa ibang bansa)	34
Apendiks II	Halimbawa ng Resibo para sa Pagsasauli sa mga nagasta sa Pagsasa-ayos ng papeles	42
Apendiks III	Halimbawa ng mga Resibo para sa mga FDH	43
Apendiks IVa	- Halimbawa ng Sulat ng Terminasyon ng Kontratang Pang-employo na FDH ang nagpasimula	46
Apendiks IVb	- Halimbawa ng Sulat ng Terminasyon ng Kontratang Pang-employo na ang Amo ang nagpasimula	47
Apendiks V	Halimbawa ng Resibo ng Pagbabayad sa Terminasyon/Pagtatapos ng Kontrata	48
Apendiks VI	Pagtatanong	49

Pambungad

Ang layunin nitong patnubay ay magbigay ng mga madaling kasagutan sa mga karapatan ng mga amo at mangagawa tungkol sa pagtatrabaho ng kasambahay sa bahay na galing sa labas ng Hongkong. Ito ay pagsikap na masagot ang ilang mga pangkaraniwang tanong na naitataas ng mga dayuhang kasambahay at ang kanilang mga amo.

Ang mga Dayuhang Kasambahay ay may parehong karapatan sa mga benepisyo at proteksiyon na nasa loob ng Ordinansa sa Paggawa. Para sa detalye sa mga kondisyon ng mga manggagawa at sa probiso ng batas, ang mga amo at ang dayuhang kasambahay ay kinakailangang sumangguni sa uliran na kontrata sa trabaho (ID 407) at ang Ordinansa sa Paggawa na siyang nananatiling kaisa-isang may kapangyarihan para sa pagpapaliwanag sa mga probiso. Ang hukuman ang siyang may kapangyarihan sa pagsasalin sa batas kung ito ay naitatanong.

Para sa amo at sa kasambahay

T1.1 **Ano ang mga karapatan at mga responsibilidad tungkol sa aking pagtatrabaho bilang isang dayuhang kasambahay sa bahay o bilang isang amo ng dayuhang kutulong sa bahay?**

S Ang batayang karapatan at responsibilidad tungkol sa pagtatrabaho ng dayuhang kasambahay sa bahay ay tiniyak sa ulirang kontrata ng Pagtatrabaho (ID 407) (Apendiks I). Bilang karagdagan, ang mga amo at kasambahay ay nasasakupan din ng mga itinatadhana sa Ordinansa sa Pagtatrabaho.

T1.2 **Mayroon bang kaukulang parusa na ilalapat sa mga kasambahay at mga pinaglilingkuran para sa hindi pagtupad sa mga itinatadhana at mga kondisyon na binabanggit sa istandard na kontrata ng pagtatrabaho?**

(Basahin kaugnay ng raga T at mga S1.1, 1.3,1.4, 1.7 at 1.8 ng aklat-patnubay)

- S**
- Parehong kailangang mangako ng kasambahay at ng amo sa Pamahalaan ng HKSAR sa ika-6 na Parte ng “Visa/Extension of Stay Application Form for Domestic Helper from Abroad (ID 988A) at “Application for Employment of Domestic Helper from Abroad (ID 988B) na kanilang susundin, bukod sa ibang mga bagay, ang mga alituntunin ng kasambahay patungkol sa mga kundisyon ng kanyang pananatili, sahod, pagtira sa bahay ng amo at ang kundisyon ng kanyang tutulugan.
 - Kung ang kasambahay ay lumabag sa pangako, maaring hindi na siya pahintulatang makapagtrabahong muli sa Hong Kong. Kung ang pinaglilingkuran ang lumabag sa pangako, ang kanyang aplikasyon sa hinaharap na kumuha ng banyagang kasambahay pantahanan ay maaaring tanggihan na.
 - Bukod doon, kung ang pinaglilingkuran o ang kasambahay ay lumabag sa mga Ordinansa ng Pagtatrabaho o Ordinansa ng Imigrasyon, sila rin ay sasailalim sa kriminal na paguusig.

- Ang mga amo ay hindi dapat mahimok na magbigay ng maling impormasyon sa kahit na anong papeles at kontrata patungkol sa pagpapatrabaho ng dayuhang domestic helper, o makipagsabwatan sa iba sa panlilinlang ng may hangaring kumuha sa serbisyo ng isang dayuhang domestic helper na may mas mababang pasahod taliwas sa nakasaad sa kontratang pamantayan sa pagpapatrabaho. Sa isang kaso, isang amo na nagbigay ng maling impormasyon sa Kagawaran ng Imigrasyon tungkol sa pasahod sa kanyang dayuhang kasambahay pambahay ay nasentensiyahang makulong ng apat na buwan at inatang magbayad ng sahod na nararapat matanggap ng kasambahay. Ang mga amo ay pinapayuhang sumunod sa batas at magbayad ng tamang pasahod na nakasaad sa kontratang pamantayan sa pagpapatrabaho ng mga dayuhang kasambahay pambahay. Ang hindi pagsunod ay isang paglabag sa batas at ang amo ay maaaring maihabla sa hukuman.

Para sa amo

T1.3 Ano ang kinakailangan kong gawin pagdating ng aking kasambahay bago siya magsimula ng kanyang pagtatrabaho?

- S**
- Kinakailangang bayaran mo ang iyong kasambahay ng pang araw-araw na panggastos sa pagkain at paglalakbay sa halagang HK\$100, na ang tiyak na halaga ay nasa Kontrata ng Pagtatrabaho, para sa kanyang paglalakbay patungo dito sa Hong Kong. Kinakailangang ibalik mo rin ang kanyang mga nagastos sa paghahanda o pagpo-proseso ng mga kinailangang dokumento. Tingnan ang Kabanata 2.
 - Pinapayuhan kang ipaliwanag sa iyong kasambahay ang kanyang mga gawain na inaasahan mong gagampanan niya. Ang mga gawaing ito ay dapat na gawaing pambahay na nakasulat sa Iskedyul ng Akomodasyon at Tungkulin ng Kasambahay (Schedule of Accommodation and Domestic Duties)* sa Kontrata ng Pagtatrabaho.
 - Kinakailangan mong magtakda ng tiyak na petsa sa pagbibigay ng sweldo sa inyong kasambahay. Tingnan ang Kabanata 3.
 - Kinakailangan mong magbigay ng araw ng pamamahinga sa inyong kasambahay. Tingnan ang Kabanata 4.
 - Kinakailangang magkasundo kayo ng iyong kasambahay kung may pagkaing ipagkakaloob sa loob ng panahon ng kontrata. Kung ito ay ipagkakaloob, dapat na wala itong bayad. Kung walang ipagkakaloob na pagkain, kailangang magbigay sa kasambahay ng panggastos para sa pagkain na sang-ayon sa

nakasaad sa kontrata ng pagtatrabaho bawat buwan.

- Kinakailangang mong kumuha ng employee's compensation insurance upang mapangalagaan ang inyong sarili laban sa inyong pananagutan sa maaring maging pinsala ng inyong kasambahay sa kanyang pagtatrabaho. Kautusan ito sa ilalim ng Employee's Compensation Ordinance. Paglabag sa batas ang hindi pagsunod dito ay, na ang kaparusahan ay pagmumulta at pagkabilanggo. Kailangan magbigay ng libreng pagpapagamot ng amo na naayon sa standard employment contract, at pinapayuhan ka na kumuha ng comprehensive insurance policy para mabayaran ang mga gastusin kung kakailanganin.

T1.4 Maari ba akong pumasok sa ibang kontrata ng pagtrabaho na magkasabay sa aking kasambahay?

- S** Hindi. Ang ulirang kontrata ng pagtatrabaho(ID 407) ay ang kaisa-isang opisyal na kontrata ng pagtatrabaho para sa lahat na mga dayuhang mga kasambahay sa Hong Kong. Ano mang ibang kontrata ng pagtrabaho na ipinasok sa pagitan ng amo at ang kasambahay ay hindi ipinapatupad sa Hong Kong.

T1.5 Maari ko bang pagsabihan ang aking kasambahay na magtrabaho sa ibang tao o dili kaya ay kumuha nang hindi pambahay na trabaho?

- S** Hindi. Ito a pagkakasala sa loob ng Ordinansa ng Imigrasyon na pagsabihan ang inyong kasambahay na magtrabaho sa ibang tao maliban sa amo na nakapangalan sa kanyang bisa O pagsabihang siya ay gagawa nang hindi pambahay na trabaho. Kung ang amo ay lumabag sa Ordinansa ng Imigrasyon, ay maaaring maharap sa pag-uusig.

Para sa kasambahay

T1.6 Ano ang kinakailangang gawin ko pag-umpisa ko sa trabaho sa aking amo?

- S**
- Kinakailangang ipakita ang lahat ng mga resibo na may kinalaman sa pag-ayos ng mga dokumento upang maibalik ng iyong amo ang mga nagastos mo.
 - Pinapayuhan kang tanungin ang iyong amo upang ipaliwanag ang iyong mga gawain at kumuha ng maliwanag na kuro kuro sa iyong amo kung ano ang inaasahan niya sa iyo. Kinakailangang ang iyong gawain ay pambahay na tiniyak sa "Palatandaan ng Tuluyan at Tungkulin ng Kasambahay* sa kontrata ng pagtatrabaho.

- Siguraduhing nasa inyong pangangalaga ang inyong mga personal na dokumento (halimbawa, ID, passport at iba pa). Walang ibang tao, kabilang ang inyong employer at empleyado ng employment agency, ang puwedeng kumuha ng mga nasabing dokumento ng wala kayong pahintulot.

T1.7 Maari ba akong manirahan sa labas ng bahay ng aking amo?

- S** Hindi. Maari ka lamang magtrabaho at tumira sa bahay ng iyong pinaglingkuran ayon sa Sugnay 3 ng kontrata ng pagtatrabaho. Kailangang bigyan ka ng iyong pinaglingkuran ng libreng matitirahan ayon sa binabanggit sa “Sunurin sa Matitirahan at mga Tungkuling Pantahanan”* ng kontrata ng pagtatrabaho.

(Para sa mga kasunduan ng paninirahan sa labas na inaprubahan ng Direktor ng Imigrasyon bago mag 1 Abril 2003, ang kasambahay ay pinahintulutang manirahan sa mga lugar maliban sa tahanan ng pinaglilingkuran kung ang amo ay mayroong Banyagang Kasambahay ng walang patid na hihigit sa 6 na buwan)

T1.8 Maari ba akong kumuha ng pansamantalang trabaho (part-time employment) na may pahintulot ang aking amo?

- S** Hindi. Pagkakasala sa loob ng Ordinansa ng Imigrasyon na ikaw ay kumuha ng alin mang hanapuhay sa kanino mang tao maliban sa iyong amo na nakapangalan sa bisa. Ikaw ay malamang isasakdal at paalisin dahil sa paglabag sa kondisyon ng pagtigil. Kung ikaw ay paalisin, kalimitang ikaw ay hindi papayagang bumalik sa Hong Kong upang magtrabaho bilang kasambahay.

T1.9 Ano ang kailangang gawin ko kung ipalipat ako ng aking amo na magtrabaho sa ibang tao o dili kaya ay pagtatrabaho ako ng hindi pambahay na gawain?

- S** Kinakailangang ipagbigay alam ang bagay na ito sa Sangay Pagsisiyasat sa Kagawaran ng Pandayuhan.

* Ang ulirang kontrata ng pagtatrabaho ay may kasamang Palatandaan ng Tuluyan at Tungkulin ng Kasambahay na nagtitiyak sa ulirang tuluyan at detalye ng trabahong gagawin ng kasambahay.

T1.10 Ano ang kailangan kong alalahanin sa aking personal na kaligtasan at mga karapatan habang naghahanapbuhay sa Hong Kong?

- S**
- Kung pisikal kang inabuso o nasa panganib ang iyong personal na kaligtasan, tumawag kaagad sa police emergency hotline 999.
 - Kung hindi binayaran ang iyong sahod o linabag ang alinman sa iyong mga karapatan sa paghahanapbuhay, tumawag sa Labour Department 24-hour hotline 2157 9537 o lumapit sa naaayong tanggapan ng Labour Relations Division ng Labour Department para sa mga katanungan at tulong (tingnan ang kabanata 3 at 12).
 - Siguraduhing nasa iyong pag-aari sa lahat ng oras ang iyong pasaporte at HKID. Walang ibang tao ang dapat na humawak ng iyong pasaporte para sa iyo.
 - Huwag pipirma ng kahit anong dokumento na hindi mo naiintindihan o sinasang-ayunan.

Pag-sauli ng nagasta sa mga dokumentasyon

Para sa amo

T2.1 Ano-ano ang nagastang kinakailangan kong isauli sa aking kasambahay sang-ayon sa kontrata ng pagtrabaho?

- S**
- Sa ilalim ng kontrata ng pagtatrabaho, ikaw ang mananagot sa mga nagastos na pinasukan ng iyong kasambahay sa mga paghahanda ng mga dokumento upang kunin ang pagtatrabaho sa iyo. Pangkaraniwan na nabayaran na ng iyong kasambahay ang nasabing mga nagasta at kinakailangang maisauli mo sa kanya sa lalong madaling panahon kapag ipinakita ang mga resibo. Pinapayuhan ka na ipa-patanggap ang iyong pag-sasauli sa pamamagitan ng kasulatan at itago ang resibo bilang katibayan ng pagbabayad.
 - Sa kaso ng kasambahay na galing sa Pilipinas, maaring hingin na bayaran mo ang mga sumusunod:
 - Kabayaran sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA) (sinisingil ng Gobyerno ng Pilipinas para sa pagpapalakad ng kapahintutalang paglabas at pagdalo ng maiksing pulong para sa mga kasambahay bago umalis)
 - Sapilitang seguro
 - Bayad sa pagpatingin sa doktor
 - Bayad sa pagpapanotaryo (bayad sa Konsulado Heneral ng Pilipinas sa Hong Kong)
 - Bayad sa bisa (bayad sa Kagawaran ng Pandayuhan)

Isang halimbawa ng resibo ng pagsasauli sa mga nagasta sa mga Pilipinong kasambahay sa bahay ay nasa Apendiks II.

T2.2 Ano ang mga gastos na kinakailangang isauli sa aking kasambahay kung babaguhin ang kanyang kontrata ng pagtrabaho?

- S** Dapat mong isauli sa iyong kasambahay ang mga siningil para sa pagnotaryo ng kontrata sa pagpapatrabahong muli na kinolekta ng nauugnay na mga konsulado sa Hong Kong, ang mga siningil ng Departamento ng Imigrasyon at iba pang ginastos ng iyong kasambahay para sa pag-uulit ng kontrata ng pagtatrabaho katulad sa binabanggit sa Sugnay 8 ng istandard na kontrata ng pagtatrabaho.

T2.3 Kinakailangan ko bang bayaran ang gastos sa pagpapalakad/ dokumentasyon ng aking kasambahay sa inupahan sa pamamagitan ng ahensiya sa Hong Kong?

- S** Depende kung ano ang mga inakong nagasta ng ahensiyang pang hanapbuhay sa pagbabayad para sa iyong kapakanan at kung ang iyong kasambahay ang mismong nagbayad ng mga kinakailangang gastos at galing ito sa kanyang bulsa. Kung ikaw ay nagbayad sa ahensiya ng panghanapbuhay upang mabayaran ang mga nagasta, kinakailangang humingi ka ng may kaugnay na resibo sa ahensiya upang mayroon kang katibayan sa pagbabayad.

Para sa amo

T3.1 Maari ba akong makipagkasundo sa aking kasambahay na magbayad ng halaga ng suweldo na kulang sa Itinakdang Pinakamababang Suweldo (IPS)?

- S**
- Hindi. Dapat magbayad ng mga amo sa kanilang mga kasambahay ng suweldong ayon sa halagang nakapahayag sa standard na kontrata ng pagtatrabaho. Ang aprubadong pagkuha ng banyagang kasambahay ay nakasalalay sa mga totoong impormasyon na ibinigay sa Kagawaran ng Imigrasyon, kung saan sumang-ayon ang amo sa halaga kung saan nakalagay ang tamang pagpapasuweldo. Ang isang employer na kusa at nang walang makatuwirang dahilan ay hindi nagbayad ng suweldo ayon sa nakasaad sa pamatayang kontrata sa pag-eempleyo ay mananagot sa prosekusyon at, kapag nahatulang may-sala, ay magmumulta ng HK\$350,000 at mabibilanggo ng 3 taon. Ang mga nagpapatrabaho ay magkakaroon din ng seryosong mga krimen at gumawa ng mga maling pahayag at pagsasabwatan upang mapanlinlang ang Immigration Officer. Kakasuhan din ang amo ng pandaraya sa opisyal ng Kagawaran ng Imigrasyon dahil sa mga maling representasyon at may multa sa halagang pinakamataas na ang HK\$ 150,000 at 14 na taong pagkabilanggo.

T3.2 Paano ang pagpapasuweldo sa aking kasambahay?

- S**
- Pinapayuhan kang bayaran ang suweldo sa pamamagitan ng tseke o dili kaya sa pamamagitan ng pagbayad sa kuwenta sa bangko ng iyong kasambahay. Para gawin ito, kinakailangang kunin mo muna ang pahintulot ng iyong kasambahay. Kung ayaw ng kasambahay sa ganitong pamamaraan ng pagbabayad, kailangang bayaran mo siya ng pera.
 - Inuutusan ka na gumawa ng talaan ng kabayaran ng suweldo, halimbawa ang kinakailangang pahayag ng bangko. Kailangan mo ring magbigay ng resibo para sa kabayaran sa suweldo at pagkain at sabihan ang iyong kasambahay na tanggapin ang resibo at ang halaga. Ang halimbawa ng mga resibo para sa mga Foreign Domestic Helper (FDH) ay nasa Apendiks III.

T3.3 Kailan ang pagpapasuweldo ko sa aking kasambahay?

- S**
- Kailangang bayaran mo ang iyong kasambahay hindi bababa sa minsan kada buwan. Halimbawa, kung nag-umpisa ang iyong kasambahay noong 5 ng Enero, kailangang suwelduhan mo siya kaagad sa 5 ng Pebrero, at kailanman ay hindi maantala nang pitong (7) araw pagkatapos ng araw sa iyon, at ito ay 12 ng Pebrero.
 - Kung gusto mong palitan ang petsa ng pagpapasuweldo, kailangang ipag-bigay alam mo muna sa iyong kasambahay at bayarang lahat ang nakaraang suweldo sa bagong petsang pagbabayad na iyong itinakda.

Halimbawa, kung ang iyong kasambahay ay nag-umpisang magtrabaho noong 1 ng Marso. Kung binabalak mong palitan ang petsang pagpapasuweldo sa tuwing ika-16 ng bawat buwan, kinakailangan bayaran lahat ang mga balansi ng 15 araw na suweldo. (Ito ay mula sa ika-1 hanggang ika-15 ng buwan) sa loob ng pitong araw pagkatapos ng 15 ng Marso bago mo siya bayaran sa bagong petsa ng pagpapasuweldo sa Abril.

Para sa kasambahay

T3.4 Ano ang kailangang gawin ko kapag ako ay sinuwelduhan ng aking amo?

- S**
- Kailangang suriin ang halagang ibinayad sa iyo. Kapag tama, kailangang tanggapin mo ang resibo ng halaga sa resibo na inihanda ng iyong amo.

T3.5 Ano ang aking gagawin kapag binayaran ako ng aking amo mas mababa kaysa sa itinakdang suweldo ko?

- S**
- Kapag ang halaga ay mas mababa sa suweldong itinakda sa kontrata ng pagtatrabaho, dapat na suriin sa iyong amo upang tingnan kung mayroong pagkakamali sa pagkalkula. Huwag na huwag tanggapin ang resibo ng suweldong hindi ka binayaran. Kung walang nakakasiyang pagpapaliwanag para sa kulang na pagbabayad, kinakailangang ipag-bigay ulat agad ang kaso sa kinauukulang sangay ng opisina ng Dibisyon ng Labour Relation ng Kagawaran ng Manggagawa (Labour Department) kaagad. Tingnan ang kabanata 12.

Para sa amo at sa kasambahay

T3.6 Maari bang iawas ng amo sa suweldo ng kasambahay para sa kabayaran ng mga ari-arian na napinsala niya? Ano ang ibang bagay na maaring iawas ng amo sa suweldo ng kasambahay?

- S**
- Ang amo ay maaring mag-awas para sa mga napinsala o nawala na mga bagay o ari-arian na maliwanag na gawa ng kapabayaan o pagpapapalya

ngkasambahay. Sa alinmang isang kaso, ang kabuuan na babawasin ay magiging katumbas ng pinsala o kawalan subalit hindi hihigit sa HK\$300. Ang kabuuan ng nasabing pag-awas ay kailangang hindi lalagpas ng ika-apat na bahagi sa suweldong ibabayad sa kasambahay sa buwang iyon.

- Ang amo ay maaring gumawa ng pag-aawas sa suweldo ng kasambahay sa ilalim ng sumusunod na pangyayari:
 - Pagaawas para sa hindi pagtrabaho na hindi lalampas sa kabuan ng pagsukat sa panahon nang pagkawala. Ang kabuuang babawasin ay kailangang nakabahagdan sa haba ng panahon na ang kasambahay ay lumiban sa trabaho;
 - Pagaawas para makuha ang ano mang pauna o labis na bayad sa suweldo na ginawa ng amo sa kasambahay. Ang kabuang halaga na kinakailangang iawas ay hindi lalampas ng isang quarto ng suweldo na ibabayad sa manggagawa sa panahon ng suweldo.
 - Pag-awas, na isinulat na mungkahi ng kasambahay, upang maisauli ang ano mang ipinautang ng amo para sa kasambahay; at
 - Pag-aawas na kinakailangan o nagbibigay ng kapahintulutan na nasa ilalim ng ano mang isabatas na gagawin alling sa suweldo ng kasambahay.
- Maliban sa kasulatang pangsang-ayon ng Komisyonado ng Manggagawa, ang kabuan ng lahat na pag-babawas, maliban sa pagkawala sa trabaho, na nagawa sa loob ng isang panahon ng suweldo ay hindi dapat hihigit sa kalahati ng suweldo na babayaran sa loob ng panahong iyon.

T3.7 Ano ang kalalabasan kung ang amo ay magpabaya sa pagbayad sa suweldo ng kasambahay sa tamang panahon?

- S**
- Kapag ang amo ay magpabaya na bayaran ang suweldo ng kasambahay sa loob ng pitong araw mula sa petsang inaasahang pagbabayad siya ay:
 - kailangang magbayad ng tubo sa hindi pa binabayaran halaga ng suweldo sa kasambahay; at
 - malamang kakasuhan at, kapag napatunayang nagkasala, ay may multang na HK\$350,000 at pagkabilanggo ng 3 taon.
 - Kung ang mga suweldo ay hindi binayadan sa loob ng 1 buwan mula sa petsa na dapat nang magpasahod, maaaring ituring ng kasambahay na ang kontrata ay tinapos na ng employer nang walang pabatid. Sa ilalim nitong pangyayari, ang amo ay inuutusang magbayad ng suweldong kapalit ng pasabi dagdag pa ang ibang takda ng batas at pagbabayad sa terminasyon sa kontrata sa kasambahay. Tingnan ang Kabanata 8.

Araw ng Pamamahinga, Pista Opisyal at Bakasyon

Para sa amo at sa kasambahay

T4.1 Anong uri ng bakasyon may karapatan ang mga dayuhang kasambahay sa bahay sa ilalim ng Kautusan ng Manggagawa?

- S**
- Sa ilalim ng Kautusan ng Manggagawa, ang dayuhang kasambahay sa bahay ay may karapatan sa mga sumusunod na bakasyon:
 - Araw ng pamamahinga;
 - Takda ng batas na pista opisyal; at
 - May bayad na taunang bakasyon.
 - Kapag ang parehong parte ay muling pumasok sa kontrata, ang kasambahay, bago mag-umpisa sa bagong kontrata, ay kinakailangang bumalik sa lugar na pinanggalingan sa gastos ng amo para sa bakasyon na hindi kukulangin sa pitong araw na nakasaad sa itinakdang kontrata ng pagtrabaho.
 - Taunang bakasyon at talaan ng bayad ay kinakailangang itago ng mabuti upang maiwasan ang panghinaharap na alitan.

ARAW ng PAMAMAHINGA

Para sa amo

T4.2 Paano ako magbibigay ng araw ng pamamahinga sa aking kasambahay?

- S**
- Kinakailangang ikaw ay magbigay nang kahit man lang isang araw ng pamamahinga sa iyong kasambahay sa bawat panahon ng pitong araw. Ang araw ng pamamahinga ay walang patid na panahong hindi kukulangin sa 24 oras.
 - Ang araw ng pamamahinga ay nakasalalay sa iyo at maaring ibigay nang palagian o hindi. Maliban lang kung palagian ang araw ng pamamahinga, kinakailangang ipaalam sa kasambahay ang kanyang araw ng pamamahinga bago mag-simula ng bawat buwan.

T4.3 Maari ko bang kausapin ang aking kasambahay na magtrabaho sa kanyang araw ng pamamahinga?

- S**
- Hindi. Maliban lang kung may hindi inaasahang pangyayari, ang amo ay hindi dapat pagtrabahuin ang kasambahay. Ang amo na pumipilit sa kasambahay na magtrabaho sa araw ng pamamahinga ay lumalabag sa Kautusan sa Paggawa.
 - Gayon pa man, sa pagsang ayon ng iyong kasambahay, maari mong palitan ng ibang araw ang itinakdang araw ng pamamahinga. Ang napalitang araw ng pamamahinga ay dapat na ibigay sa loob ng parehong buwan at bago ang dating araw ng pamamahinga o sa loob ng 30 araw pagkatapos nito.

T4.4 Maari ko bang sabihan ang aking kasambahay na gumawa ng trabaho pagkatapos na bumalik siya sa bahay sa kanyang araw ng pamamahinga?

- S**
- Hindi mo maaring pilitin ang iyong kasambahay na gumawa ng trabaho sa kanyang araw ng pamamahinga. Gayon pa man, maari siyang magtrabaho nang kusang loob sa kanyang araw ng pamamahinga.

MGA PISTANG OPISYAL

Para sa amo at sa kasambahay

T4.5 Gaano katagal na magtatrabaho ang kasambahay bago siya magtamasa nang pistang opisyal sa isang taon?

- S**
- lahat nang dayuhang kasambahay sa bahay, walang kinalaman ang haba ng kanilang serbisyo, ay may karapatan sa sumusunod na 12 pistang opisyal sa isang taon.
 - Ang unang araw ng Enero;
 - Unang araw ng Bagong Taon ng Intsek (First day);
 - Pangalawang araw ng Bagong Taon ng Intsek (Second day);
 - Pangatlong araw ng Bagong Taon ng Intsek (Third day);
 - Pista ng Ching Ming;
 - Unang araw ng Mayo;
 - Pista ng Tuen Ng;
 - Ang araw na sumunod sa Pista ng Chinese Mid-Autumn;
 - Pista ng Chung Yeung;
 - Pista sa Kalayuang Taglamig ng Intsek o Araw ng Pasko (sa pagpili ng amo);
 - Unang araw ng Hulyo; at
 - Unang araw ng Oktubre.

- Kung tuloy tuloy na nagtrabaho ang kasambahay sa amo tatlong buwan bago sumapit ang alin man sa mga pistang opisyal na mga ito, siya ay nararapat na mabayaran.

Para sa amo

T4.6 Maari ko bang sabihan ang aking kasambahay na magtrabaho sa pista opisyal?

- S** Oo, subalit kailangang bigyan mo siya ng;
- hindi kukulangin sa 48 na oras bago ang pasabi; at
 - may kapalit na bakasyon sa loob ng 60 sa araw bago o pagkatapos ng pista opisyal.

T4.7 Maari ko bang sabihan ang aking kasambahay na ibaliwala ang pista opisyal kapalit ang suweldo sa kanyang pagsang-ayon?

- S** ● Hindi. Hindi ka dapat magbigay ng ano pa mang kabayaran sa iyong kutulong kapalit nang pagbigay ng pista opisyal.
- Ang among lalabag sa probisong ito malamang na kasuhan at, kung nagkasala, multahan ng HK\$50,000.

T4.8 Kung ang pista opisyal ay nataon sa araw ng pamamahinga ng aking kasambahay, sapilitan bang bibigyan ko siya nang ibang bakasyon?

- S** Oo. Kung ang pista opisyal ay nataon sa araw ng pamamahinga, isang bakasyon ang kailangang ibigay kasunod sa araw ng pamamahinga na hindi pista opisyal.

— TAUNANG BAKASYON AT PAGBABAKASYON —

Para sa amo at sa kasambahay

T4.9 Ilang araw na taunang bakasyon ang kinakailangang ibigay sa kasambahay sa isang taon?

S Ang kasambahay ay may karapatan sa may bayad na taunang bakasyon pagkatapos na nanilbihan sa bawat panahon ng 12 buwan sa parehong amo. Ang karapatan ng kasambahay sa may bayad na taunang bakasyon ay dadagdagan mula sa pitong araw hanggang sa pinakamataas na 14 araw batay sa haba nang paninilbihan ay sumusunod:

Taon ng paninilbihan	Bilang ng araw na bayad sa taunang bakasyon
1	7
2	7
3	8
4	9
5	10
6	11
7	12
8	13
9 o higit	14

Halimbawa, ang kasambahay ay may karapatan ng siyam na araw ng taunang bakasyon pagkatapos na makumpleto niya ang pangalawang dalawang taong kontrata sa kanyang amo.

T4.10 Sino ang tumitiyak sa oras ng taunang bakasyon na kinukuha ng kasambahay?

S Ang kasambahay ay may karapatang makuha ang binabayarang taunang bakasyon sa loob ng 12 buwan sa oras na itinakda ng amo pagkatapos na konsultahin ang kasambahay, na pinatibay ng naisulat na pasabi kahit man lang 14 na araw na pauna.

T4.11 Ang taunang bakasyon ba ay kasali ang araw nang pamamahinga at pista opisyal?

S Hindi. Ang ano mang araw ng pamamahinga o pista opisyal na nataon sa panahon ng taunang bakasyon ay binibilang na taunang bakasyon. Ibang araw ng pamamahinga o pista opisyal ang kailangang maitakda.

T4.12 Sa anong kondisyon maaaring ibigay ang karagdagang taunang bakasyon? Ito ba ay may bayad o wala?

S Kung ang amo at kasambahay ay nagkasundo na ipagpatuloy ang kontrata, ang kasambahay ay maaaring payagan na magbakasyon nga hindi lalagpas sa pitong araw upang bumalik o magbakasyon bago magsimula sa bagong kontrata ayon sa nasasaad sa Sugnay 13 ng kontrata. Subalit, kung ang bakasyon ay may bayad or wala, ito ay naayon sa Kontratang pinirmahan ng dalawang nagkasundo.

T4.13 Maari bang pilitin ang kasambahay na magbakasyon ng walang bayad kapag ang amo ay pupunta sa labas ng bayan?

S Ang pag-aayos nang pagkuha ng walang bayad na bakasyon ay kailangang may pahintulot ng isa't isa. Hindi dapat na ang amo lang mag-isa ang magbibigay sa nasabing bakasyon sa kanyang kasambahay.

Para sa amo

T4.14 Paano ang pagbibigay ng taunang bakasyon sa aking kasambahay sa katapusan o pagkaterrnado sa kontrata ng pagtrabaho?

- S**
- Kapag ang kontrata ng pagtrabaho ay natapos, ang iyong kasambahay ay kinakailangang bigyan ng bayad kapalit ng taunang bakasyon na hindi pa nakuha sang-ayon sa bawat 12 buwan sa nakumpletong paninilbihan. Sa tatlong buwan ngunit kulang ng 12 buwan nang panilbihan ang taunang bakasyon (halimbawa kada 12 buwan pagkatapos ng kontrata sa pagtatrabaho), at ang kasambahay ay may karapatan sa pro-ratang bayad sa taunang bakasyon kung ang kontrata ng pagtrabaho ay natapos maliban sa dahilang madaling pagpapaalis na nararapat sa kanyang masamang asal.
 - Halimbawa, Kung ang inyong kasambahay ay nag-resign o tinanggal pagkatapos maglingkod ng 18 buwang pagtatrabaho at hindi pa siya kumukuha ng anumang taunang bakasyon, kailangang bayadan siya sa pagsasaalang-alang ng taunang bakasyon sa unang 12 nakumpletong buwan ng pagtatrabaho (iyon ay 7 araw), dagdag pa ang binahagdagang kabuuan sa pagsasaalang-alang ng taunang bayad para sa bakasyon na para sa nalalabing panahon ng pagka-empleyo (iyon ay 7 araw + 3.5 na araw = 10.5 na araw).
 - Gayon pa man, kung ang inyong kasambahay ay madaling pinalis na nararapat sa kanyang matinding masamang asal pagkatapos na nanilbihan ng 18 na buwan, siya ay may karapatan lamang sa bayad na kapalit ng taunang bakasyon para sa kanyang unang 12 na buwan ng paninilbihan, at ito ay katumbas ng 7 na araw.

Para sa amo

T5.1 Kinakailangan ba na ako ang magbabayad sa nagastos sa pagpapagamot ng aking kasambahay noong siya ay nagkasakit o napinsala?

- S**
- Oo. Kapag ang inyong kasambahay ay nagkasakit o napinsala, kinakailangang magbigay ka nang libreng pagpapagamot sa kanya kahit na ang sakit o kapinsalaan ay hindi nagmula sa at dahil sa pagtrabaho. Ang libreng pagpapagamot ay kasama ang sustento sa ospital at di inaasahang pagpapagamot sa ngipin. Naaayon dito, ang employer ay kinakailangan na kumuha ng insurance policy na nagbibigay ng buong medical at hospitalisasyon para sa kasambahay. Ang employer ay puwede rin kumuha ng comprehensive insurance policy na sakop ang medical at sang-ayon sa Employees' Compensation Ordinance.
 - Para maiwasan ang pagdududa, ang binago na istandard na kontrata ng pagtatrabaho na ipatutupad sa 1 April 2003 ay nililinaw ito, sa ilalim ng bagong kontrata, ang mga pinaglilingkuran ay hindi mananagot sa pagbibigay ng libreng pagpapagamot sa loob ng panahong ang kasambahay ay aalis ng Hong Kong sa sarili niyang pagkukusa at para sa kanyang pansariling mga hangarin, tulad ng pagbabakasyon.

T5.2 Maari ba akong magtakda ng manggagamot para sa aking kasambahay sa oras ng pagkakasakit o kapinsalaan?

- S**
- Sang-ayon sa kontrata ng pagtrabaho, kinakailangang tanggapin ng kasambahay ang pagpapagamot sa sino mang nakarehistrong manggagamot na ipinagkaloob ng amo. Pinapayuhan na magkaroon kayo ng kasunduan kung aling manggagamot ang kailangang konsultahin sa panahon nang pagkakasakit o kapinsalaan.

T5.3 Kailan may karapatan ang kasambahay sa kabayaran sa pagkakasakit?

- S**
- Dapat na bayaran ng amo ang kasambahay ng bayad sa pagkakasakit kung:
 - siya ay nakatipon ng sapat na bilang ng araw ng may bayad na pagkakasakit,
 - ang bakasyon dahil sa pagkakasakit na nakuha ay hindi kukulangin sa apat na sunod-sunod na araw; at
 - ang bakasyon dahil sa pagkakasakit ay pinapatunayan ng wastong sertipiko ng pagpapagamot.
 - Ang may bayad na araw habang siya ay may karamdaman ay natitipon ayon sa pagtumbas ng dalawang bayad na araw ng pagkakasakit sa bawat buong buwan ng paninilbihan sa loob ng unang 12 buwan ng paninilbihan, at apat na bayad na araw habang siya ay may sakit sa bawat sumusunod na buwan ng paninilbihan ngunit ito ay hindi hihigit sa 120 araw.

T5.4 Ano ang halaga nang kabayaran sa pagkakasakit? Kailan ito binabayaran?

- S**
- Ang bawat araw na kabayaran sa pagkakasakit ay katumbas ng 4/5 ng karaniwang suweldo ng kasambahay sa isang araw*. Kinakailangang bayaran nang hindi nahuhuli sa karaniwang paraan ng pagsusuweldo.

T5.5 Maari bang paalisin ng amo ang kasambahay na nakabakasyon ng may bayad na pagkakasakit?

- S**
- Hindi, maliban lang sa mga kaso na madaling pagpa-alis na nararapat sa kasambahay nang dahil sa masamang asal. Kung hindi, ito ay pagkakasala sa batas na kung saan ang amo ay malamang na kakasuhan at, kapag nakonbikto, mumultahan ng HK\$100,000.
 - ang amo ay inuutusan din na magbayad sa kasambahay ng;
 - suweldo kapalit ng pasabi;
 - karagdagang halaga katumbas ng pitong araw na suweldo bilang kabayaran*; at
 - kanyang karapatan sa may bayad na pagkakasakit.
 - Ang kasambahay ay maaring humingi ng tulong para sa walang katuwiran at labag sa batas na pagpapa-alis sa ilalim ng Proteksiyon ng Pagtrabaho na nasa Kautusan ng Pag-gawa (tingnan sa Kabanata 10).

* Para sa detalye ng pagkukuwenta ng kabayaran o kompensasyon sa pagkakasakit, sumangguni sa “A Concise Guide to the Employment Ordinance”. Ang mga sipi ng Guide ay maaring makuha sa anumang sangay ng Labour Relations Division o i-download sa homepage ng Labour Department.

Para sa amo at sa kasambahay

T6.1 Sa anong kalagayan ang kasambahay na may karapatang mabayaran sa bakasyon ng panganganak?

S Ang kasambahay ay may karapatang bayaran sa bakasyon ng panganganak ng 10 linggo kung.:

- Siya ay may karapatang mabayaran kaagad kapag siya ay nanilbihan nang hindi kukulangin sa 40 linggo bago mag-umpisa ang tamang petsa sa pagbakasyon sa panganganak;
- Siya ay nagbigay ng pasabi ng pagdadalang-tao na pinatunayan ng sertipiko alling sa kanyang amo;
- nakapagbigay ng pabatid sa kanyang employer ukol sa pagbubuntis at ng kanyang intensyon na mag-maternity leave pagkatapos na makumpirma ang pagbubuntis. Halimbawa, ang pagpapakita sa employer ng isang sertipiko medikal na nagkukumpirma ng kanyang pagbubuntis; at

T6.2 Ano ang singil sa bayad sa bakasyon ng panganganak? Kailan ito dapat bayaran?

S Ang bayad sa bawat araw ng bakasyon sa panganganak ay katumbas ng 4/5 ng karaniwang suweldo ng kasambahay sa isang araw*. Kinakailangang bayaran ito sa karaniwang paraan ng pagpapasuweldo sa kasambahay.

T6.3 Maari bang paalisin ng amo ang nagdadalang-tao na kasambahay?

- S**
- Hindi. Maliban sa madaliang pagpapa-alis dahil sa matinding masamang asal ng kasambahay, ang amo ay binabawalang paalisin ang nagdadalang-tao na kasambahay mula sa petsa nang pagpapatunay na pagdadalang-tao ng sertipiko alling hanggang sa petsa na siya ay dapat na bumalik sa trabaho sa pagkatapos ng ng kanyang bakasyon sa panganganak.
 - Ang amo na sumasalungat sa probiso ay malamang na kakasuhan at, kapag nagkasala, mumultahan ng HK\$100,000. Siya rin ay kinakailangang magbayad sa kasambahay;

- suweldo kapalit ng pasabi;
- karagdagang halaga katumbas ng isang buwang suweldo bilang kompensasyon*; at
- 10 linggong bayad sa bakasyon sa panganganak kung, hindi sa pagpapaalis, siya ay dapat na may karapatang mabayaran.
- Ang kasambahay ay maaring humingi ng tulong para sa walang katuwiran at labag sa batas na pagpapaalis sa ilalim ng proteksiyon ng Pagtrabaho na nasa Kautusan ng Paggawa (Kabanata 10).

* Para sa detalye ng pagkukuwenta ng kabayaran o kompensasyon sa bakasyon ng panganganak, sumangguni sa “A Concise Guide to the Employment Ordinance”. Ang mga sipi ng Guide ay maaaring makuha sa anumang sangay ng Labour Relations Division o I download sa homepage ng Labour Department.

Para sa amo at sa kasambahay

T7.1 Sa anong pagkakataon maaring magkaroon ng bayad na paternity leave ang isang kasambahay?

- S** Makakukuha ng 5 araw na bayad na paternity leave ang isang lalaking kasambahay sa kada pagkaospital ng kanyang asawa/kinakasama kung siya ay –
- na-empleyo na sa loob nang hindi na bababa pa sa 40 linggo agad-agad bago ang araw ng paternity leave;
 - nagbigay ng kinakailangang abiso sa amo; at
 - nagbigay ng kinakailangang dokumento sa amo sa loob ng sumusunod na panahon (kung ano mang panahon ang unang lumipas) –
 - 12 buwan matapos ang unang araw ng paternity leave na ginamit; o
 - Kung hindi na siya nagtatrabaho para sa kanyang amo, sa loob ng 6 na buwan pagkatapos ng pagtigil sa pagtrabaho.

T7.2 Paano sasabihan ng kasambahay ang amo na gagamit siya ng paternity leave?

- S**
- Kailangang sabihan ng kasambahay ang kanyang amo na balak niya gumamit ng paternity leave 3 buwan bago ang inaasahan na petsa na isisilang ang bata (hindi kailangan ng eksaktong petsa sa yugtong ito); at ang petsa ng kanyang paternity leave bago gamitin ang leave.
 - Kung hindi naibigay ng empleyado ang 3 buwang paunang abiso sa kanyang amo, dapat niyang abisuhan ang kanyang amo sa petsa ng kanyang paternity leave nang hindi bababa sa 5 araw bago ang petsang iyon.

T7.3 Kailan maaring gamitin ang paternity leave?

- S**
- Maaring gumamit ang kasambahay ng paternity leave sa anumang panahon mula 4 na linggo bago ang inaasahang petsa ng pagsilang ng bata hanggang 10 linggo magmula nung petsa ng pagsilang ng bata.

- Maaring gamitin ng empleyado ang 5 araw na paternity leave minsanan o sa magkakahiwalay na araw.

T7.4 Ano ang kailangang ibigay na dokumento ng kasambahay para makuha ang bayad sa paternity leave?

- S**
- Ang birth certificate ng bata kung saan nakalista ang pangalan ng kasambahay bilang ama ng bata.
 - Kung patay na ang bata nung isinilang o namatay ang bata pagkasilang at walang inilabas na birth certificate patungkol sa bata, kailangang magpakita ng medical certificate ang kasambahay na magpapatunay na isinilang ang bata.

T7.5 Ano ang halaga ng bayad sa paternity leave? Kailan ito dapat bayaran?

- S**
- Ang arawang halaga ng bayad sa paternity leave ay katumbas ng four-fifths ng katampatang arawan na suweldo na kinita ng kasambahay sa 12 buwan na lumipas bago ang araw ng paternity leave.
 - Kung nagbigay ng nararapat na dokumento ang kasambahay sa amo bago ng araw na ginamit niya ang paternity leave, kailangan siyang bayaran ng kanyang amo ng paternity leave pay –
 - Nang hindi lalampas sa araw kung kailan siya sunod na babayaran ng kanyang suweldo pagkatapos ibinigay ang kaukulang dokumento; o
 - Kung hindi na siya nagtatrabaho para sa kanyang amo, sa loob ng 7 araw pagkatapos ng pagkatigil sa trabaho.
 - Kung nagbigay ng nararapat na dokumento ang kasambahay sa amo pagkatapos ng araw na ginamit niya ang paternity leave, kailangan siyang bayaran ng kanyang amo ng paternity leave pay –
 - Nang hindi lalampas sa araw kung kailan siya sunod na babayaran ng kanyang suweldo pagkatapos ibinigay ang kaukulang dokumento; o
 - Kung hindi na siya nagtatrabaho para sa kanyang amo, sa loob ng 7 araw pagkatapos ng pagkatigil sa trabaho.

Pagtatapos sa Kontratang Pagtrabaho

Para sa amo at sa kasambahay

T8.1 Maari bang ang amo o ang kasambahay ay tapusin ang kontrata ng pagtatrabaho bago ito matapos?

S Oo, alin man sa panig ay maaring magtapos ng kontrata sa pamamagitan ng pagbibigay ng hindi kukulangin sa isang buwang pasabi sa kasulatan o pagbabayad sa isang buwang suweldo sa isang panig. Halimbawa ng Sulat ng Terminasyon ng Kontratang Pang-employo na Foreign Domestic Helper (FDH) ang nagpasimula ay nasa Apendiks IVa. Halimbawa ng Sulat ng Terminasyon ng Kontratang Pang-employo na ang Amo ang nagpasimula ay nasa Apendiks IVb.

T8.2 Ano ang kinakailangang gawin ko pagkatapos o pagwakas ng kontrata ng pagtatrabaho?

S

Para sa amo	Para sa kasambahay
<ul style="list-style-type: none"> ● Dapat lang na bayaran ang lahat na dapat bayarang suweldo at iba pang bayad sa iyong kasambahay, higit na mabuting ang kabayaran ay sa pamamagitan ng bangko, at kumuha ng resibo para sa lahat na kabayaran. ● Inuutusan ka na ipagbigay alam sa Bahagi ng Pagpapadagdag (Extension Section) sa Kagawaran ng Pangdayuhang Kasambahay sa pamamagitan ng kasulatan sa pagtapos sa loob ng pitong araw sa petsa ng pagtapos. Hindi kinakailangang ipagbigay alam sa Kagawaran ng Manggagawa. 	<ul style="list-style-type: none"> ● Kailangang isa-ayos ang lahat ng mga kuwenta sa iyong amo at tiyakin na lahat ng bayad ay binayaran ka bago ka lumagda sa resibo. ● Inuutusan ka na ipagbigay-alam sa Bahagi ng Pagpapadagdag sa Kagawaran ng Pangdayuhan Kasambahay ang kasulatan sa pagtapos ng kontrata sa loob ng pitong araw sa petsa ng pagtapos ng trabaho. Hindi kinakailangang ipagbigay alam ito sa Kagawaran ng Manggagawa.

T8.3 Maari bang ang amo at ang kasambahay ay tapusin ang kontrata ng pagtrabaho na hindi nagbibigay ng pasabi o kapalit na kabayaran?

S Ang pagpapatapos na walang pasabi o kapalit na kabayaran ay pinapayagan lamang sa ilalim ng natatanging pangyayari.

Para sa amo	Para sa kasambahay
<p>Maari mong paalisin ng madalian ang kasambahay ng walang pasabi o kapalit na kabayaran, na may kaugnay sa pagtrabaho;</p> <ul style="list-style-type: none">● sadyang pagsuway ayon sa batas at may katuwiran na utos;● kung siya'y nagaasal nang di karapatdapat, gaya nang asal na hindi naayon sa pagkamatapat sa pagganap sa kanyang tungkulin;● tandisang pandaraya o hindi tapat na pagkatao; o● palaging pabaya sa kanyang trabaho.	<p>Maari mong tapusin ang kontrata ng pagtatrabaho ng walang pasabi o kapalit na kabayaran sa pasabi kung;</p> <ul style="list-style-type: none">● sa kadahilanang may takot na panganib sa katawan sa pamamagitan ng dahas at sakit;● ikaw ay nasa ilalim ng pang-aapi ng iyong amo;o● kayo ay na-employo na sa loob nang hindi na bababa pa sa 5 taon at kayo ay sinertipika ng isang rehistradong medikal na praktisyuner o ng isang rehistradong Chinese na medikal na practisyuner bilang isang hindi naaangkop para sa kasalukuyang trabaho nang permanente.

T8.4 Ano ang dapat na isa-isip ko kapag isina-alang alang ang pagpapatapos sa kontrata ng walang pasabi?

S ● Ang pagpapatapos sa pagtrabaho ng walang pasabi ay karaniwang pinangungunahan ng alitan na namamagitan sa amo at sa kasambahay. Sa gitna nang mainit na pagasasagutan, may mga bagay na hindi inaasahan at ang magkabilang panig ay maaring maniwala na makatarungan para sa kanya na tapusin ang kontrata o kaya ipalagay na ito ay natapos na. Ang kalalabasan nito ay kadalasang masama. Sa kadahilanang ang mga testigong independente ay hindi pangkaraniwang nandodoon sa loob ng pamamahay, mahirap ang pagsalarawan ng pangyayari na pinangunahan ng alitan gayon din ang desisyon kung ang kilos na ginawa ay makatarungan.

- Ang pinakamagandang paraan upang maayos ang problemang nanggagaling sa pagtrabaho ay ang magkausap ang magkabilang panig. Sikaping maging mapagbigay at mapagpaubaya sa isat-isa sa pagaayos sa inyong mga kakulangan, kalimitan na ang mga problema ay naa-ayos nang hindi nagreresulta sa marahas na gawain.
- Ang pagpapatapos sa pagtatrabaho na walang pasabi ay kinakailangang isaalang alang lamang sa ilalim ng natatanging pangyayari. Kung kinakailangang gawin mo, kinakailangang sigurado na may sapat kang katibayan na tutulong sa inyong kaso. Kung hindi maaari kang iharap sa paghahabol ng kabilang panig.

T8.5 Ano ang aking gagawin kapag umalis ang aking kasambahay na hindi nagbigay sa akin ng pasabi o kapalit na kabayaran?

O

Ano ang aking gagawin kung ako ay pina-alis ng aking amo na hindi nagbigay ng pasabi o kapalit na kabayaran?

- S**
- Kailangang ipagbigay-alam mo sa Bahagi ng Pagpapadagdag sa Kagawaran ng Pandayuhan Kasambahay kung maituturing mong ang kontrata ay tinapos na mag-isa ng kabilang panig. Para sa amo, kung hindi mo mahanap kung nasaan ang inyong kasambahay, maari mo ring ipagbigay-alam ang kaso nang nawawalang kasambahay sa pulis.
 - Kung maituturing mo na ang kabilang panig ay hindi nararapat na tapusin ang kontrata na walang pasabi at gusto mong maghahabol ng suweldong kapalit ng pasabi, kinakailangang lumapit kayo sa angkop na sangay na opisina ng Palingkuran ng Taga-ugnay ng Manggagawa (Labour Relations Division) ng Kagawaran ng Manggagawa na walang antala. Ang palingkurang ito ay siyang makakasambahay na mabayaran ang inyong mga hinahabol sa pamamagitan ng pagkakasundo. Tingan ang Kabanata 12.
 - Maari mo ring iuulong ang kinakailangang nararapat na pasabi alling sa kabilang panig.

T8.6 Sa pagpapatapos o pagwawakas ng kontrata, ano ang mga babayaranag bagay na kailangang bayaran ko sa aking kasambahay?

- S**
- Ang mga bagay at halaga na babayaran sa inyong kasambahay sa pagpapatapos o pagwawakas ng kontrata ay nakasalalay sa ilang mga sanhi gaya nang tagal na paninilbihan at ang dahilan nang pagpapatapos sa kontrata. Gayun pa man, sa mga kabayaran sa pagpapatapos ng kontrata ay karaniwang isinasali ang:
 - suweldong hindi pa binayaran;
 - suweldo kapalit ng pasabi, kung mayroon;
 - kabayaran kapalit sa hindi pa nakukuhang taunang bakasyon, at bayad na pro-rata sa ano mang bayad sa taunang bakasyon para sa kasalukuyang taong bakasyon. Tingnan ang Kabanata 4;
 - kung naa-angkop, kabayaran sa tagal ng paninilbihan o kabayaran sa pagtatapos ng kontrata. Tingnan ang Kabanata 9;
 - ano mang ibang halaga na ibabayad sa kasambahay sang-ayon sa kontrata ng pagtrabaho, ito ay libreng pabalik na pamasaha at pagkain at panggastos sa paglaktay. Tingnan ang Kabanata 11.
 - Pinapayuhan na itago ang resibo para sa mga kabayaran. Ang halimbawa ng resibo ng pagbabayad sa terminasyon/ pagtatapos ng Kontrata ay nasa Apendiks V.

Kabayaran kapag Naputol ang Trabaho at Kabayaran Pagkatapos ng Paninilbihan ng Mahabang Panahon

Para sa amo at sa kasambahay

T9.1 Sa ilalim ng anong pangyayari kinakailangang ang amo ay magbayad nang pagtatapos ng kontrata sa kasambahay?

- S** Kinakailangang ang isang amo ay magbabayad ng kabayaran sa pagtatapos ng kontrata sa kasambahay kung siya ay:
- pina-alis o ang kontratang may tiyak na panahon ay hindi binago* sa dahilang may kalabisan; at
 - mayroon nang hindi kukulangin sa 24 buwan na paninilbihan sa isang amo bago ang pagpapatapos.

T9.2 Sa ilalim nang anong pangyayari kinakailangang ang amo ay magbayad ng kabayaran sa matagal na paninilbihan sa kasambahay?

- S** Kinakailangang magbayad ang amo nang kabayaran sa matagal na paninilbihan sa kasambahay kung siya ay nagtrabaho nang tuloy-tuloy nang hindi kakukulangan sa limang taon, at:
- tinanggal sa trabaho o ang isang takdang panahon sa kontrata ay hindi na ni-renew* sa kadahilanang iba pa sa tahimik na pagkatanggal dahil sa kanyang isang matinding pagkakamali o kalabisan;
 - pinapatunayan ng rehistradong nagpapraktis ng medisina o rehistradong nagpapraktis ng medisina ng Intsik bilang permanenteng di-angkop sa kasalukuyang trabaho at siya ay nagbitiw;
 - may edad nang 65 o higit at siya ay nagbitiw; o
 - namatay habang naninilbihan.

T9.3 Nararapat ba na bayaran ang kasambahay ng pagtatapos ng kontrata at kabayaran sa matagal na paninilbihan nang magkasabay?

- S** Hindi. Ang kasambahay ay walang karapatan sa parehong kabayaran sa matagal na paninilbihan at kabayaran sa pagtatapos ng kontrata nang magkasabay. Ang kutulong na pina-alis sa kadahilanang may kalabisan ay may karapatan sa kabayaran sa pagtatapos ng kontrata subalit hindi sa kabayaran sa matagal na paninilbihan.

T9.4 Paano ang pagkalkula sa kabayaran sa pagtapos ng kontrata at kabayaran sa matagal na paninilbihan?

S Ang sumusunod na pormula ay ginagamit sa pagkalkula sa parehong kabayaran sa pagtapos ng kontrata at kabayaran sa matagal na paninilbihan:

(Buwanang suweldo $\times 2/3$) \times bilang ng taong paninilbihan. Ang paninilbihan sa hindi nakumpletong taon ay kailangang ibatay sa pro-ratang pagkalkula.

(Para sa detalye nang pagkalkula, mangyari lamang na isasangguni sa libretang “A Concise Guide to the Employment Ordinance.”)

* Kung hindi mas mababa sa pitong (7) araw bago ang petsa ng pagpapaalis / pagwawakas ng fixed term contract sa kaso ng severance payment, at hindi mas mababa sa pitong (7) araw bago ang pagwawakas ng fixed term contract sa kaso ng long service payment, ang employer ay nag-alok sa pamamagitan ng sulat na muling i-renew ang employment contract o kuning muli ang serbisyo ng empleyado sa ilalim ng bagong kontrata ngunit ang empleyado ay hindi makatwirang tumanggi sa alok ng employer, siya ay hindi magiging karapat-dapat sa anumang karapatan/ benepisyo.

Para sa amo at sa kasambahay

T10.1 Sa ilalim nang anong pangyayari maaring ang kasambahay ay gagawa nang paghahabol para sa remedyo laban sa kanyang amo sa walang katuwirang pagpapa-alis?

- S**
- Ang gawain ng Proteksiyon sa Pagtatrabaho na nasa Kautusan sa Paggawa ay upang sikaping hadlangan ang mga amo sa pagpapa-alis sa kanilang mga namamasukan upang maiwasan ang kanilang obligasyon sa ilalim ng kautusan.
 - Ang kasambahay ay maaring maghahabol para sa remedyo sa walang katuwirang pagpapa-alis sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:
 - siya ay nagtatrabaho nang tuloy-tuloy nang hindi kukulangang 24 na buwan; at
 - siya ay pina-alis maliban sa may pa-totoo na dahilang tiniyak sa Kautusan.

T10.2 Ano-ano ang mga may pa-totoo na dahilan para sa pagpapa-alis?

- S**
- Sa ilalim ng Kautusan sa paggawa, ang limang may patotoo na dahilan para sa pagpapa-alis ay may kaugnay sa:
- asal ng namamasukan;
 - kakayahan o katangian ng namamasukan para gampanan ang kanyang trabaho;
 - kalabisan o ibang mga tunay na pangangailangan sa operasyon ng pinaglilingkuran;
 - mga pangangailangang sang-ayon sa batas; o
 - ibang mga mahalagang dahilan.

T10.3 Sa ilalim ng ano mang pangyayari maaring ang kasambahay ay gumawa nang paghahabol para sa remedyo laban sa kanyang amo sa walang katuwiran at labag sa batas na pagpapa-alis?

S Ang kasambahay ay maaring maghahabol para sa remedyo sa walang katuwiran at labag sa batas na pagpapa-alis sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

- siya ay pinaalis maliban sa may pa-totoo na dahilan na tiniyak sa Kautusan; at
- ang pagpapaalis ay paglabag sa batas (tingnan sa baba).

T10.4 Sa ilalim ng anong pangyayari na ang pagpapa-alis ay paglabag sa batas?

S Ang pagpapa-alis na nasa sumusunod na pangyayari ay paglabag sa batas:

- pagtatanggal sa isang babaeng kasambahay na nakumpirmang buntis na nakapagbigay ng isang pabatid ukol sa pagbubuntis;
- pagpapaalis habang ang manggagawa ay nasa panahon ng bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit;
- pagkatanggal sa kadahilanan na ang isang kasambahay ay nagbigay ng ebidensiya o impormasyon tungkol sa anumang demanda o pagsisiyasat kaugnay ng pagpapatupad ng Ordinansa o mga aksidente sa trabaho;
- pagpapa-alis dahil sa pakiki-anib sa “trade union” at mga gawain nito; o
- pagpapa-alis ng nasugatang manggagawa bago ang kinaukulang panig ay pumasok sa kasunduan para sa pagbabayad sa namamasukan o bago ang pagbigay ng “certificate of assessment”.

T10.5 Ano ang mga remedyo para sa Proteksiyon sa Pagtatrabaho?

S Ang mga remedyo para sa Proteksiyon sa Pagtatrabaho, ipagka-kaloob ng Labour Tribunal, kasali ang utos sa pagbabalik o kukuning ulit na magtrabaho, o ipagka-kaloob ang terminong bayad at ang pagka-kaloob ng kabayaran.

(Maari kang sumangguni sa “Praktikong Gabay sa Proteksiyon sa Pagtatrabaho” na makukuha sa Sangay ng Taga-ugnay ng Manggagawa (Labour Relations Division) ng Kagawaran ng Manggagawa para sa mas maraming detalye ng mga pangyayari na kung saan may proteksiyon ang manggagawa sa ilalim nang Proteksiyong Parte ng Pagtrabaho na nasa Kautusan sa Paggawa, mga uri ng remedyo na maaring ipagkaloob at ang paraan sa paghahabol sa mga remedyo.)

Libreng Pabalik na Pamasahe at Panggastos sa Pagkain at Paglalakbay

Para sa kasambahay

T11.1 Responsibilidad ba ng aking employer ang pamasahe sa pag-uwi ko sa aking pinagmulang lugar kapag nawalan na ng bisa o natapos na ang aking kontrata?

S Oo. Ayon sa Pamantayang Kontrata sa Pag-eempleyo, ang inyong employer ay magbibigay sa inyo ng libreng pamasahe pa-uwi sa inyong pinagmulang lugar kapag nawalan na ng bisa o natapos na ang kontrata. Ang employer ay kadalasang magbibigay sa inyo ng isang tiket sa eroplano para sa pag-uwi ninyo sa inyong pinagmulang lugar, at ng pang-araw-araw na allowance para sa inyong pagkain at pagbiyahe na HK\$100 kada araw kapag umuwi na kayo sa inyong pinagmulang lugar.

Para sa amo

T11.2 Kailangan ko bang bayadan ang pamasahe ng aking kasambahay sa kanyang pag-uwi kapag nawalan na ng bisa o natapos na ang kontrata? Ano-ano ang iba pang mga bagay-bagay na dapat kong pag-ukulan ng pansin?

S Oo. Sa ilalim ng Pamantayang Kontrata sa Pag-eempleyo, kailangang bigyan ninyo ang inyong kasambahay ng libreng pamasahe sa pag-uwi niya sa kanyang pinagmulang lugar kapag nawalan na ng bisa o natapos na ang kontrata. Pinapayuhan kayo na magbigay ng isang tiket sa eroplano (kasama ang para sa naka-check-in na bagahe) sa inyong kasambahay sa halip na magbigay ng pera na ang halaga ay katumbas ng halaga ng isang tiket sa eroplano upang mabawasan ang pagkakataon na ang kasambahay ay umalis at pumunta sa mga kalapit na lugar na bukod pa sa kanyang pinagmulang lugar pagkatanggap ng naturang bayad.

Bukod dito, para masigurado na ang dalawang partido ay may sapat at resonableng panahon para matugunan ang mga isyu tungkol sa pagtatapos ng kontrata o pagtanggap sa trabaho, ikaw ay pinapayuhang ikumpirma sa iyong kasambahay ang mga detalye ng kanyang pag-alis (tulad ng petsa ng pag-alis, destinasyon, etc.) bago bumili ng tiket sa eroplano.

T11.3 Magkano ang dapat kong bayadan para sa allowance ng aking kasambahay para sa pagkain at pagbiyahe sa ilalim ng kontrata sa pag-eempleyo?

S Ito ay nakabatay sa panahon na ginugol ng inyong kasambahay mula sa Hong Kong pa-uwi sa kanyang pinagmulang lugar. Isinasaad sa kontrata sa pagka-empleyo na ang allowance para sa pagbiyahe ay HK\$100 kada araw. Kung hindi kayo magbibigay ng isang tiket sa eroplano na gumagamit ng pinaka-direktang ruta pa-uwi sa pinagmulang lugar ng inyong kasambahay, mas malaking pang-araw-araw na allowance para sa pagkain at pagbiyahe ang maaaring gastusin dahil sa mga karagdagang araw ng pagbiyahe.

Para sa amo at sa kasambahay

T12.1 Saan kami sasangguni para sa karagdagang payo o tulong tungkol sa kontrata ng pagtrabaho o sa Kautusan sa Paggawa?

S Maari kayong:

- tumawag sa Kagawaran ng Manggagawa 24 oras Telephone Enquiry Service (Ang nangangasiwa sa Hotline ay ang “1823”) sa:
 - 2717 1771
 - 2157 9537 (Nakalaang hotline para sa mga kasambahay)
- lumapit sa sangay na opisina ng Taga-ugnay ng Manggagawa sa Kagawaran ng Manggagawa na malapit sa lugar na pinanilbihan ng kasambahay;
- sumangguni sa libretang “A Concise Guide to the Employment Ordinance” na nagsasaad ng maikling probiso ng Ordinansa. Makukuha ang naturang libreta sa mga sangay na opisina ng Labour Relations Division ng Labour Department o kaya nama’y maari ring i-download sa homepage ng Labour Department (www.labour.gov.hk). Ang mga direksyon patungo sa mga opisinang ito ay makikita Apendiks VI.

T12.2 Anong mga serbisyo ang naibibigay ng Kagawaran ng Manggagawa kung mayroon kaming di-pagkakaunawaan ng aking kasambahay/amo tungkol sa kontrata ng pagtrabaho o probiso ng Kautusan sa Paggawa?

- S**
- Kapag may problema o paghahabol na nanggagaling sa kontrata ng pagtrabaho o probiso na nasa ilalim ng Kautusan sa Paggawa na hindi ninyo maayos, maaari kayong dumulog sa Sangay ng Taga-ugnay ng Manggagawa para matulungan.

- Ang Sangay ng Taga-ugnay ng Manggagawa ay tumutulong sa amo at kasambahay upang maayos ang kanilang alitan sa trabaho sa pamamagitan ng probiso ng libreng serbisyo ng pagkakasundo (conciliation service). Ang opisyal ng pagkakasundo (conciliation officer) ang siyang tutulong upang mapagaan na sumapit ang amo at ang kasambahay sa isang kasiya-siyang pagsasa-ayos na matatanggap ng isat-isa. Kung hindi sasapit sa pagsasa-ayos at sa mungkahi ng panig na may kinalaman, ang paghabol ay isasangguni, ayun sa halagang hinahabol, sa Minor Employment Claims Adjudication Board o sa Labour Tribunal para sa paghahatol.
- Kung ang amo ay hindi makabayad sa suweldo na hindi pa nababayaran o mga iba pang mga bayarin dahil sa kawalan ng kakayahang pinansiyal, ang kasambahay ay isasangguni sa Kagawaran ng Legal Aid upang matulungan, at sa Wages Security Division upang gumawa ng aplikasyon para sa ex gratia (biyang bayad) na kabayaran na alling sa Protection of Wages on Insolvency Fund.

T12.3 Mananagot ba sa isang prosekusyon ang isang employer dahil sa hindi pagbabayad ng isang gantimpala mula sa Labour Tribunal o sa Minor Employment Claims Adjudication Board?

S Ang isang employer na kusa o nang walang makatuwirang kadahilanan ay hindi magbabayad ng isang gantimpala mula sa Labour Tribunal o sa Minor Employment Claims Adjudication Board sa loob nang 14 na araw pagkatapos ng petsa na ang kabuuan ay dapat nang bayadan, ay mananagot sa prosekusyon at, kapag nahatulang may-sala, ay magmumulta ng \$350,000 at mabibilanggo ng 3 taon*

Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa Ordinansa sa Pagtatrabaho at mga kaugnay na polyeto.

D.H. Contract No. _____

Kontrata sa Paggawa

(Para sa kasambahay na nakalap mula sa ibang bansa)

Ang kontrata na ito ay ginawa sa pagitan nina _____
 _____ (ang “Amo”) at _____ (ang “Kasam-
 bahay”) noong _____ na may mga sumusunod na kondi-
 syon:

1. Ang pook ng pinagmulan ng Kasambahay, para sa layunin ng kontratang ito ay _____
2. (A)† Ang Kasambahay ay kinuha ng Amo bilang kasambahay sa loob ng dalawang taon na magsisimula sa araw na ang Kasambahay ay dumating sa Hong Kong.
 (B)† Ang Kasambahay ay kinuha ng Amo upang magtrabaho bilang kasambahay sa loob ng dalawang taon magmula _____, na ang petsa ay kasunod na araw ng pagtatapos ng D.H. Contract No. _____ para magtrabaho sa nasabing amo.
 (C)† Ang Kasambahay ay kinuha ng Amo bilang kasambahay sa loob ng dalawang taon magmula sa petsa na kung kailan pinahintulutan ng Director of Immigration ang Kasambahay na manatili sa Hong Kong para magsimulang magtrabaho ayon sa kontratang ito.
3. Ang Kasambahay ay magtatrabaho at maninirahan sa bahay ng Amo na matatagpuan sa _____
4. (a) Ang Kasambahay ay dapat gumanap lamang ng mga tungkuling pantahanan ayon sa nakapaloob na “Schedule of Accommodation and Domestic Duties” for the Employer.
 (b) Ang Kasambahay ay hindi dapat tumanggap, at hindi dapat hilingan ng Amo na tumanggap ng iba pang trabaho sa ibang tao.
 (c) Ang Amo at ang Kasambahay sa pamamagitan nito ay kinikilala na ang Clause 4 (a) at (b) ay magiging bahagi ng mga kondisyon ng pamamalagi na ipapataw ng Immigration Department sa Kasambahay sa oras na tinanggap niya ang trabaho sa Hong Kong ayon sa kontratang ito. Ang Kasambahay at/o sinumang tutulong sa kanya sa pagsira sa isa o kapwa nasabing kondisyon ng pamamalagi ay mananagot sa pag-uusig na kriminal.

* Tanggalin kung kinakailangan.

† Gamitin ang Clause 2A, 2B o 2C kung alin man ang nararapat.

5. (a) Ang Amo ay dapat bayaran ang sahod ng Kasambahay ng HK\$ _____ bawat buwan. Ang halaga ng sahod ay hindi maaaring bumaba sa pinakamababang sahod na inihayag ng Pamahalaan ng Hong Kong Special Administrative Region at umiiral sa petsa ng kontratang ito. Ang Amo hindi sumusunod sa pagbabayad ng sahod na nakasaad sa kontratang ito ay mananagot sa pag-uusig na Kriminal.
- (b) Ang Amo ay dapat magbigay sa Kasambahay ng may kasangkapan at akmang tirahan ayon sa nakapaloob na "Schedule of Accommodation at Domestic Duties" at ng libreng pagkain. Kung walang pagkaing ibibigay, ang panggastos sa pagkain na HK\$ _____ bawat buwan ay dapat bayaran sa Kasambahay.
- (c) Ang Amo ay dapat magbigay ng resibo sa pagbayad ng sahod at panggastos sa pagkain at ang Kasambahay ay dapat magpatunay sa pagtanggap ng bayad na may lagda.
6. Ang Kasambahay ay dapat mabigyan ng karapatan sa lahat ng araw ng pahinga, statutory holidays, at taunang bakasyon na may bayad na tahasang sinsabi sa Ordinansa ng Paggawa, Kabanata 57.
7. (a) Ang Amo ay dapat magbigay sa Kasambahay ng libreng pamasaha mula sa kanyang pook ng pinagmulan papuntang Hong Kong, at sa pagputol o pagtapos ng kontratang ito, libreng pamasaha pabalik sa kanyang pook ng pinagmulan.
- (b) Ang gastos sa pang-araw-araw na pagkain at sa paglalakbay sa halagang HK\$100 bawat araw ay dapat bayaran sa Kasambahay mula sa araw ng pag-alis galing sa kanyang pook ng pinagmulan hanggang sa araw ng kanyang pagdating sa Hong Kong kung ang paglalakbay ay sa pinakadirektang ruta. Kasinghalagang bayad ang dapat ibigay sa Kasambahay sa pagbalik sa kanyang pook ng pinagmulan sa sandaling matapos o maputol ang kontratang ito.
8. Ang Amo ay dapat managot sa mga sumusunod na mga bayarin at gastusin (kung mayroon man) para sa pag-alis ng Kasambahay mula sa kanyang pook ng pinagmulan at sa pagpasok sa Hong Kong:-
- (i) mga bayarin para sa iksamenasyong medikal;
 - (ii) bayarin sa pagpapatunay (authentication fees) ng nauukol na Konsulado;
 - (iii) bayarin sa bisa;
 - (iv) bayarin sa seguro;

* Tanggalin kung kinakailangan.

- (v) bayaring administratibo o bayarin gaya ng “Philippine Overseas Employment Administration fee”, o iba pang bayarin na magkakahalintulad na pinataw ng kinauukulang sangay ng pamahalaan; at
- (vi) iba pa: _____

Sa pagkakataon na ang Kasambahay ay nagbayad ng mga gastusin at bayarin na nakasaad sa itaas, ang Amo ay dapat agad na bayaran ng buo ang halagang ibinayad ng Kasambahay sa sandali ng paghingi at pagpapakita ng mga nauukol na resibo at dokumento na nagpapatunay ng bayad.

- 9. (a) Sa pagkakataon na ang Kasambahay ay maysakit o magkapinsala sa loob ng panahon ng pagtatrabaho na nakasaad sa Clause 2, maliban sa panahon kung kailan ang Kasambahay ay umalis ng Hong Kong sa kanyang sariling kagustuhan at para sa kanyang pansariling kadahilanan, ang Amo ay dapat na magbigay ng libreng pagpapagamot sa Kasambahay. Kabilang sa libreng pagpapagamot ay ang pagpapakonsulta sa doktor, pamamalagi sa ospital at ang pagpapagamot ng ngipin sa oras ng biglaang pangangailangan. Ang Kasambahay ay dapat tanggapin ang pagpapagamot mula sa sinumang rehistradong doktor.
 - (b) Kung ang Kasambahay ay mapinsala sanhi ng aksidente o sakit dahil sa pagtrabaho o habang nagtatrabaho, ang Amo ay dapat na magbayad ng kompensasyong naaayon sa Employees’ Compensation Ordinance, Kabanata 282.
 - (c) Sa pagkakataong ang doktor ay nagpapatunay na ang Kasambahay ay wala ng kakayanang maglingkod, ang Amo, ayon sa mga probisyon ng naangkop na Ordinansa, ay maaaring itigil o tapusin ang pagtatrabaho at agarang gumawa ng mga hakbang upang ang Kasambahay ay maibalik sa kanyang pook ng pinagmulan ayon sa Clause 7.
- 10. Alinmang panig ay maaring tapusin o itigil ang kontratang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na isang buwang abiso o isang buwang suweldo sa halip na abiso.
 - 11. Sa kabila ng Clause 10, alinmang panig sa pamamagitan ng sulat ay maaring tapusin o itigil ang kontrata kahit na walang abiso o kabayaranang kapalit, ayon sa mga pangyayaring pinapayagan ng Employment Ordinance, Kabanata 57.
 - 12. Sa pagkakataong natapos o natigil ang kontrata, ang Amo at ang Kasambahay ay kapwa dapat magbigay sa Director of Immigration ng nakasulat na abiso sa loob ng pitong araw pagkatapos ang pagtigil ng kontrata. Kailangan ring isumite sa Director of Immigration ang isang kopya ng sulat na nagsasaad na tinanggap ng kabilang

* Tanggalin kung kinakailangan.

panig ang pagtigil ng kontrata.

13. Sakaling ang parehong panig ay magkasundong pumasok sa bagong kontrata matapos mawalan ng bisa ang kasalukuyang kontrata, ang Kasambahay ay, bago mag-umpisa ang bagong kontrata at sa kagustuhan ng Amo, kailangang bumalik sa kanyang pook ng pinagmulan para sa bakasyon na mayroong/walang* bayad na hindi iikli sa pitong araw, maliban na lamang kung may paunang pahintulot mula sa Director of Immigration na dugtungan ang pamamalagi sa Hong Kong.
14. Sa pangyayaring mamatay ang Kasambahay, Ang Amo ay dapat na bayaran ang halaga ng pagbibiyaha ng labi ng Kasambahay at mga personal na ari-arian nito galing Hong Kong pabalik sa kanyang pook ng pinagmulan.
15. Maliban sa mga sumusunod na mga pagbabago, anumang pagbabago o pagdadagdag sa mga nakasaad sa kontratang ito (maging sa nakalakip na “Schedule of Accomodation and Domestic Duties”), sa panahon na ang kontrata ay epektibo pa, ay walang bisa maliban na lamang kung may paunang pahintulot mula sa Commissioner for Labour:
 - (a) pagbabago sa durasyon ng pagtatrabaho na nakasaad sa Clause 2 sa pamamagitan ng pagpapahaba ng nasabing durasyon na hindi lalampas sa isang buwan na pinagkasunduan ng parehong panig at may paunang pahintulot mula sa Director of Immigration;
 - (b) pagbabago sa tirahan ng Amo na nakasaad sa Clause 3 na ipinagbigay-alam sa Director of Immigration sa pamamagitan ng sulat, sa kondisyon na ang Kasambahay ay magpapatuloy sa kanyang trabaho at pagtira sa bagong tirahan ng Amo,
 - (c) pagbabago sa “Schedule of Accomodation and Domestic Duties” na ginawa ayon sa item 7 ng “Schedule of Accomodation and Domestic Duties”; at
 - (d) pagbabago sa item 4 ng “Schedule of Accomodation and Domestic Duties” na may kinalaman sa pagmamaneho ng Kasambahay ng isang sasakyang de-motor, pag-aari man o hindi ng Amo ang sasakyan, at may kasunduan sa pagitan ng parehong panig sa pamamagitan ng isang Addendum to the Schedule at may nakasulat na pahintulot mula sa Director of Immigration para sa Kasambahay na gampanan ang tungkulin na pagmamaneho ng sasakyan.
16. Ang mga nakasaad sa itaas ay hindi hinahadlangan ang Kasambahay sa kanyang iba pang karapatan o benepisyong sa ilalim ng Employment Ordinance, Kabanata 57, ang Employees Compensation Ordinance, Kabanata 282 at iba pang naaangkop na mga ordinansa.
17. Pinatutunayan ng parehong panig na ang Kasambahay ay sumailalim sa isang iksamenasyong medikal upang masiguro na siya ay malusog upang magtabaho

* Tanggalin kung kinakailangan.

bilang kasambahay at ang medical certificate ay ipinakita para sa pagsusuri ng Amo.

Nilagdaan ng Amo _____
(Lagda ng Amo)

Sa harap ni _____
(Pangalan ng Saksi) _____
(Lagda ng Saksi)

Nilagdaan ng Helper _____
(Lagda ng Helper)

Sa harap ni _____
(Pangalan ng Saksi) _____
(Lagda ng Saksi)

Bilang Sanggunian Lamang

* Tanggalin kung kinakailangan.

Schedule of Accommodation and Domestic Duties

1. Kapuwa ang Amo at ang Kasambahay ay dapat pumirma bilang pagpapatunay na nabasa at sumasang-ayon sila sa mga nilalaman ng "Schedule" na ito, at pinapatunayan na kanilang pinahihintulutan ang Immigration Department at iba pang mga sangay ng pamahalaan na kumuha at gamitin ang mga impormasyong napapaloob sa "Schedule" na ito alinsunod sa mga probisyon ng Personal Data (Privacy) Ordinance.

2. Tahanan ng Amo at ang bilang ng mga taong pagsisilbihan

A. Tinatayang sukat ng bahay _____ piye kwadrado/metro kwadrado*

B. Ipahayag sa ibaba ang bilang ng mga tao sa loob ng tahanan na pagsisilbihan sa regular na batayan:

_____ matanda _____ bata (may edad 5 hanggang 18) _____ bata (may edad 4 pababa) _____ mga inaasahang isisilang na bata. _____ mga tao sa tahanan na kinakailangan ng patuloy na pag-aaruga o pansin (hindi kasama ang mga sanggol).

(Tandaan: Bilang ng Kasambahay na kasalukuyang nagtatrahaho sa Amo na naninilbihan sa tahanan _____)

3. Tirahan at mga gamit na ibibigay sa Kasambahay

A. Tirahan para sa Kasambahay

Habang ang karaniwang laki ng bahay sa Hong Kong kung ikukumpara ay maliit at ang pagkakaroon ng hiwalay na kwarto para sa mga Kasambahay ay hindi karaniwan, dapat bigyan ng Amo ang Kasambahay ng akmang tirahan na may makatuwirang kasarinlan. Halimbawa ng hindi akmang tirahan ay: Ang Kasambahay ay pinapatulog sa mga hindi komportableng kama sa pasilyo na may kakaunting kasarinlan at siya ay nakikitulog sa kuwarte ng isang matanda/teenager ng hindi kapareho ng kasarian.

Oo. Tinatayang sukat ng kwarto ng Kasambahay _____ piye kwadrado/metro kwadrado*

Hindi. Napagkasunduang tulugan ng Kasambahay:

Makikitulog sa kwarto ng _____ bata/mga bata na may gulang na _____

nakahiwalay na lugar na may laki _____ piye kwadrado/metro kwadrado *

Iba pa. Ilarawan _____

* Tangalin kung kinakailangan.

Lagyan ng check kung alin ang tama..

B. Mga pasilidad na ipapagamit sa Kasambahay:

(Tandaan: Ang pagkuha ng entry visa ay karaniwang hindi pinahihintulutan kung ang mga kinakailangang pasilidad na nakalista mula (a) hanggang (f) ay hindi ibibigay ng libre.)

- | | | |
|--|-----------------------------|--------------------------------|
| (a) Tubig at ilaw | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (b) Banyo at mga gamit dito | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (c) Kama | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (d) Kumot o kubrekama | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (e) Unan | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (f) Damit | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (g) Refrigerator | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (h) Mesa | <input type="checkbox"/> Oo | <input type="checkbox"/> Hindi |
| (i) Iba pang pasilidad (Pakibanggit) _____ | | |

4. Ang Kasambahay ay dapat gumanap lamang ng mga tungkuling pantahanan sa bahay ng kanyang Amo. Alinsunod sa kontratang ito, hindi kasama sa mga tungkuling pantahanan ng Kasambahay ang pagmamaneho ng mga sasakyang de-motor ng kahit anong uri para sa kung ano pa mang layunin, pag-aari man o hindi ng Amo ang sasakyan.

5. Kasama sa mga tungkuling pantahanan ang mga sumusunod.

Malaking bahagi ng mga tungkuling pantahanan:

1. Mga gawaing bahay
2. Pagluluto
3. Pag-alaga sa matanda na kasama sa bahay (patuloy na pag-aaruga o pansin ay kailangan/hindi kailangan*)
4. Pag-alaga sa bata
5. Pag tingin sa bata
6. Iba pa (Pakibanggit) _____

6. Kapag kinakailangang linisin ng kasambahay ang labas ng anumang bintana na kung saan ay hindi matatagpuan sa pinakaibaba ng gusali o tapat sa balkonahe (kung saan ligtas na puedeng magtrabaho ang Kasambahay) o karaniwang korridor ("exterior window cleaning"), ang paglilinis ng labas ng bintana ay dapat na gawin lamang sa ilalim ng mga sumusunod na mga kundisyon:

- (i) Ang bintana ay kinabitan ng rehas na di natatanggal o naka kandado upang hindi mabuksan; at
- (ii) walang bahagi ng katawan ng kasambahay ang nakalabas sa bintana maliban sa braso nito.

* Tangalin kung kinakailangan.

Lagyan ng check kung alin ang tama..

7. Dapat ipagbigay-alam ng Amo sa Helper at sa Director of Immigration ang anumang kaukulang pagbabago sa items 2, 3 at 5 sa pamamagitan ng pagbigay ng kopya ng "Revised Schedule of Accomodation and Domestic Duties" (ID 407G) sa Director of Immigration na pirmado ng kapwa Amo at Helper para maitala.

Pangalan ng Amo at
Lagda

Petsa

Pangalan ng
Kasambahay at Lagda

Petsa

Bilang Sanggunian Lamang

* Tangalin kung kinakailangan.

Lagyan ng check kung alin ang tama.

Halimbawa ng Resibo para sa pagsasauli ng mga nagasta sa Pagsasa-ayos ng papeles

Ako, si _____ ID/ Numero ng Pasaporte _____

ay kumikilala sa pagtanggap ng halagang nasasaad allii bilang pagsasauli ng mga nagastos sa pagsasa-ayos ng papeles, mula sa aking amo _____

noong (petsa) _____ * pera/tseke/pagbabayad sa bangko.

- | | |
|---|----------|
| (a) Sapilitang Seguro (Mandatory Insurance) | \$ _____ |
| (b) Bayad sa Pagsusuring Medikal | \$ _____ |
| (c) Bayad sa Pagnotaryo | \$ _____ |
| (d) Bayad sa Bisa | \$ _____ |
| (e) Philippines Overseas Employment Agency (POEA) | \$ _____ |
| (f) Mga iba pa | \$ _____ |

Ang tumanggap: _____
(Pangalan/Lagda): (_____)

Testigo (Kung mayroon): _____
(Pangalan/Lagda): (_____)

Pananda 1: Sumangguni sa “Praktikong Gabay Para sa Pagtrabaho ng mga Kasambahay-Ano ang Kailangang malaman ng mga Dayuhang Kasambahay at nang Kanilang mga Amo” (“Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know”) para sa mga karapatan at obligasyon ng mga amo at FDHs”.

Pananda 2: Ito ay isang halimbawang dokumento lamang. Ang mga partido na tumutunghay dito sa halimbawang ito ay dapat na siguraduhing ang mga nilalaman nito ay angkop sa kanilang layunin bago gamitin. Sila rin ay pinaaalalahan na sumangguni sa isang propesyunal kung nararapat.

* Maaring tanggalin kung hindi kinakailangan

Halimbawa ng mga Resibo para sa mga FDH

Ako si, _____, HKID/Pasaporte Num. _____, ay kinikilala ang pagtanggap ng kabayaran ng mga sumusunod na mga bagay mula sa aking pinaglilingkuran/amo/employer _____ noong (petsa) _____ *sa cash/ tseke/sa awtomatikong pagbayad sa bangko (by bank autopay).

1. Mga sahod (mula _____ hanggang _____) \$ _____
2. Panggastos sa Pagkain (mula _____ hanggang _____) \$ _____
(kung walang ibinibigay na pagkain)

Tinanggap ni (Lagda): _____
(Pangalan): (_____)

Nasaksihan ni (kung mayroon man)(Lagda): _____
(Pangalan): (_____)

- Pananda 1: Ang mga sahod ng isang FDH ay hindi dapat kukulangin sa umiiral na pinakamababang pinapahintulutang sahod (Minimum Allowable Wage) (MAW) ayon sa basehan na kontratang pang-employe (standard employment contract) (SEC) na nilagdaan.
- Pananda 2: Punan ang talaan ng pamamahinga (leave record) sa likod na pahina para sa nakuhang leave ng FDH sa kaukulang buwan.
- Pananda 3: Basahin at pag-aralan ang "Praktikong Gabay Para sa Pagtrabaho ng mga Kasambahay-Ano ang Kailangang malaman ng mga Dayuhang Kasambahay at nang Kanilang mga Amo" ("Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know")para sa mga karapatan at obligasyon ng mga pinaglilingkuran at FDH.
- Pananda 4: Ito ay isang halimbawang dokumento lamang. Ang mga partido na tumutunghay sa halimbawang ito ay dapat na siguraduhing ang mga nilalaman nito ay angkop sa kanilang layunin bago gamitin. Sila rin ay pinaaalalahanan na sumangguni sa isang propesyunal kung ito ay nararapat.

* Maaring tanggalin kung hindi kinakailangan

Talaan ng Pamamahinga ng FDH

_____ (buwan) _____ (taon)

Pangalan ng FDH: _____

(I) (Mga) Araw ng Pamamahinga ^{Pananda 5}

Araw ng Pamamahingang kinuha nuong (petsa)	Lagda ng FDH

(II) (Mga) Pista Opisyal ^{Pananda 6}

Pista Opisyal na kinuha nuong (petsa)	Ngalan ng Pista Opisyal (Mangyaring tukuyin)	Lagda ng FDH

(III) Bayad na taunang bakasyon ^{Pananda 7}

Panahon ng nakuhang taunang bakasyon (mga petsa)		Lagda ng FDH
Mula	Hanggang	

(IV) Iba pa (hal. bayad na pamamahinga sa pagkakasakit.)

Pamamahinga na kinuha noong (petsa)	Uri ng pamamahinga (Tukuyin lamang)	Lagda ng FDH

Pananda 5: Ang isang FDH ay may karapatan sa hindi kukulangin sa 1 araw na pamamahinga sa bawat 7 araw. Basahin at pag aralan ang "Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know" para sa mga detalye.

Pananda 6: Ang isang FDH, anuman ang haba ng kanyang serbisyo, ay may karapatan sa 12 Pista Opisyal bawat taon, ang mga ito ay:

- Ang unang araw ng Enero (1 Enero)
- Unang araw ng Bagong Taon ng Intsik
- Pangalawang araw ng Bagong Taon ng Intsik
- Pangatlong araw ng Bagong Taon ng Intsik
- Pista ng Ching Ming
- Araw ng Manggagawa (1 ng Mayo)
- Pista ng Tuen Ng
- Pagtatatag ng Hong Kong Special Administrative Region (1 ng Hulyo)
- Araw na Kasunod ng Pista ng Chinese Mid-autumn
- Pista ng Chung Yeung
- Pambansang Araw (1 ng Oktubre)
- Pista ng Chinese Winter Solstice o Araw ng Pasko (ayon sa pinili ng amo)

Basahin at pag-aralan ang “Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know” para sa mga detalye.

Pananda 7: Ang isang FDH ay may karapatan sa taunang bakasyong may bayad kada ika-12 buwan ng pagseserbisyo sa iisang amo. Ang karapatan ng isang FDH para sa taunang bakasyong may bayad ay progresibong tataas mula 7 araw hanggang sa pinakamataas na 14 na araw ayon sa haba ng kanyang serbisyo. Basahin at pag-aralan ang “Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know” para sa mga detalye.

Pananda 8: Ito ay isang halimbawang dokumento lamang. Ang mga partido na tumutunghay sa halimbawang ito ay dapat na siguraduhing ang mga nilalaman nito ay angkop sa kanilang layunin bago gamitin. Sila rin ay pinaaalalahanan na sumanguni sa isang propesyunal kung ito ay nararapat.

Halimbawa ng Sulat ng Terminasyon ng Kontratang Pang-empleyo na FDH ang nagpasimula

Minamahal na _____ (pangalan ng pinaglilingkuran),

Ako si _____, ay nagnanais na putulin ang kontratang pang-empleyo sa inyo bilang kasambahay sa ilalim ng Kontrata ng Katulong sa Bahay Numero. _____,

(mangyaring lagyan ng “✓” ang naaangkop)

- Sa pagbibigay sa inyo ng _____ mga araw/(mga) buwan* abiso.
- Sa pagbibigay sa inyo ng _____ mga araw/(mga) buwan* sahod kapalit ng abiso.
- Walang abiso.
- Walang sahod kapalit ng abiso

Ang huling araw ng pagtrabaho ay sa _____ (petsa) _____.

(Mga) dahilan ng terminasyon (kung mayroon man):

Sumasainyo ng tapat,

_____ (Lagda ng empleyado)
(_____) (Pangalan ng empleyado)
_____ (Petsa)

Pinagtitibay ang pagtanggap ng amo _____ (Lagda)
(_____) (Pangalan)
_____ (Petsa)

Pananda 1: Pinatutungkulan ang Kabanata 8 ng “Praktikong Gabay Para sa Pagtrabaho ng mga Kasambahay-Ano ang Kailangang malaman ng mga Dayuhang Kasambahay at nang Kanilang mga Amo” (“Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know”) para sa mga karapatan at obligasyon ng mga pinaglilingkuran at FDH na may kinalaman sa terminasyon ng kontratang pang-empleyo.

Pananda 2: Ito ay isang halimbawang dokumento lamang. Ang mga partido na tumutunghay dito sa halimbawa ito ay dapat na siguraduhing ang mga nilalaman nito ay angkop sa kanilang layunin bago gamitin. Sila rin ay pinaaalalahanan na sumangguni sa isang propesyunal kung nararapat

* Maaring tanggalin kung hindi kinakailangan

Halimbawa ng Sulat ng Terminasyon ng Kontratang Pang-empleyo na ang Amo ang nagpasimula

Mahal na _____ (pangalan ng empleyado),

Ako si, _____, ay nagnanais putulin ang inyong kontratang pang-empleyo bilang isang kasambahay sa ilalim ng Kotrata ng Katulong sa

Bahay Nu. _____,

(mangyaring lagyan ng “✓” ang naaangkop)

- Sa pagbibigay sa inyo ng _____ mga araw/(mga) buwan* abiso.
- Sa pagbibigay sa inyo ng _____ mga araw/(mga) buwan* sahod kapalit ng abiso.
- Walang abiso.
- Walang sahod kapalit ng abiso..

Ang huling araw ng pagtrabaho ay sa _____ (petsa).

(Mga) dahilan ng terminasyon (kung mayroon man):

Sumasainyo ng tapat,

_____ (Lagda ng pinaglilingkuran)
(_____) (Pangalan ng pinaglilingkuran)
_____ (Petsa)

Pinagtitibay ang pagtanggap ng empleyado _____ (Lagda)
(_____) (Pangalan)
_____ (Petsa)

Pananda 1: Pinatutungkulan ang Kabanata 8 ng “Praktikong Gabay Para sa Pagtrabaho ng mga Kasambahay-Ano ang Kailangang malaman ng mga Dayuhang Kasambahay at nang Kanilang mga Amo” (“Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know”) para sa mga karapatan at obligasyon ng mga pinaglilingkuran at FDH na may kinalaman sa terminasyon ng kontratang pang-empleyo.

Pananda 2: Ito ay isang halimbawang dokumento lamang. Ang mga partido na tumutunghay dito sa halimbawa ito ay dapat na siguraduhing ang mga nilalaman nito ay angkop sa kanilang layunin bago gamitin. Sila rin ay pinaaalalahan na sumangguni sa isang propesyunal kung nararapat

* Maaring tanggalin kung hindi kinakailangan

Halimbawa ng Resibo ng Pagbabayad sa Terminasyon/ Pagtatapos ng Kontrata

Ako si, _____, HKID/Pasaporte Num. _____, ay nagpapatunay na tumanggap ng mga sumusunod mula sa aking pinaglilingkuran _____ nuong (petsa) _____ *cash/tseke/sa automatikong pagbabayad sa bangko (bank auto pay).

1. Mga sinahod (mula _____ hanggang _____) \$ _____
Kasama ang mga kabayaran sa sumusunod:
 - (a) (mga) pista opisyal (mga) petsa: _____) \$ _____
 - (b) mga taunang bakasyon (mula _____ hanggang _____) \$ _____
 - (c) pahinga sa pagkakasakit (mula _____ hanggang _____) \$ _____
 - (d) iba pa (tukuyin lamang): _____) \$ _____
2. Panggastos sa Pagkain (mula _____ hanggang _____) \$ _____
3. Mga sahod kapalit ng abiso \$ _____
4. Hindi pa nakukuhang bayad sa taunang bakasyon (_____ mga araw) \$ _____
5. Kabayaran sa matagal na serbisyo/kabayaran sa pag-alis na walang papalit \$ _____
6. Panggastos sa Pagkain at Pagbibiyaha \$ _____
7. Tiket sa eroplano pa-uwi sa pinagmulang lugar
8. Iba pa (a) _____) \$ _____
(b) _____) \$ _____

Lagda ng Kasambahay: _____ Petsa: _____
(Pangalan): (_____)

Lagda ng Pinaglilingkuran: _____ Petsa: _____
(Pangalan): (_____)

Nasaksihan ni (kung mayroon)(Lagda): _____ Petsa: _____
(Pangalan): (_____)

Pananda 1: Sumangguni sa "Praktikong Gabay Para sa Pagtrabaho ng mga Kasambahay-Ang Kailangang malaman ng mga Dayuhang Kasambahay at nang Kanilang mga Amo" ("Practical Guide for Employment of FDHs – What FDHs and their Employers Should Know") para sa mga karapatan at obligasyon ng mga amo at FDHs".

Pananda 2: Ito ay isang halimbawang dokumento lamang. Ang mga partido na tumutunghay dito sa halimbawang ito ay dapat na siguraduhing ang mga nilalaman nito ay angkop sa kanilang layunin bago gamitin. Sila rin ay pinaaalalahan na sumangguni sa isang propesyunal kung nararapat.

* Maaring tanggaliin kung hindi kinakailangan

Pagtatanong

Apendiks VI

24-oras na Telepono na Tumatanggap ng mga Katanungan (Ang nangangasiwa sa Hotline ay ang “1823”): 2717 1771

2157 9537 (Nakalaang hotline para sa mga Dayuhang Kasambahay)

Address ng Home Page: www.labour.gov.hk

www.fdh.labour.gov.hk

Personal na Magtanong

Mga tanggapan ng Sangay ng Taga-ugnay ng Manggagwa sa Kagawaran ng Manggagawa

Hong Kong	Hong Kong East	12/F, 14 Taikoo Wan Road, Taikoo Shing, Hong Kong
	Hong Kong West	3/F, Western Magistracy Building, 2A Pokfulam Road, Hong Kong
Kowloon	Kowloon East	UGF, Trade and Industry Tower, 3 Concorde Road, Kowloon
	Kowloon South	2/F, Mongkok Government Offices, 30 Luen Wan Street, Mongkok, Kowloon
	Kowloon West	Room 1009, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Sham Shui Po, Kowloon
	Kwun Tong	6/F, Kowloon East Government Offices, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon
New Territories	Tsuen Wan	5/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories
	Kwai Chung	6/F, Kwai Hing Government Offices, 166-174 Hing Fong Road, Kwai Chung, New Territories
	Tuen Mun	Unit 2, East Wing, 22/F, Tuen Mun Central Square, 22 Hoi Wing Road, Tuen Mun, New Territories
	Shatin & Tai Po	Rooms 304-313, 3/F, Sha Tin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, New Territories

Ang listahan sa itaas ay ginawang pinal noong Hulyo 2019 at ang mga address ng mga kinaaukulang tanggapan ay maaaring magbago. Para sa mga pinakahuling detalye, mangyaring bisitahin ang website ng Labour Department sa www.labour.gov.hk o tumawag sa 24-oras na htline sa 2717 1771 (ang hotline ay inaasikaso ng “1823”).



Labour Department

www.labour.gov.hk